# Gabay sa Serbisyong Nagpapaliwanag ng Wika para sa mga Dayuhan

◎ Kung ang inyong wika ay hindi Korean, ay kinakailangan mo ng legal na nagpapaliwanag ng wika para sa paglilitis. Ang korte ay maaaring pumili ng tagapag-paliwanag sa wika batay sa inyong kahilingan o kaya ay maaaring magtalaga ng tagapag-paliwanag sa wika para sa iyo ng kahit hindi ka humiling. Ang bayad sa serbisyo ng tagapag-paliwanag ng wika ay inyong responsibilidad.

◎ Ganun pa man, maaari din kayong magsama ng inyong sariling tagapag-paliwanag ng wika, humiling lamang ng pahintulot na magiging kasama siya sa pagpapaliwanag ng wika para sa paglilitis. Kung kayo ay sinamahan ng inyong pribadong tagapag-paliwanag sa wika, ang bayad sa tagapag-paliwanag ng wika ay wala na. Ang inyong kasamang tagapag-paliwanag ng wika ay kinakailangang ipakita ang kanyang ID kard.

◎ Kung kayo naman ay walang makakasamang tagapag-paliwanag sa wika o kaya ay walang kakayahang magbayad sa serbisyo ng tagapag-paliwanag, ang korte ay maaaring humiling para sa suportang pangbatas(Ang gobyerno ay susuporta sa halaga ng paglilitis) batay sa inyong paghiling o kaya ay kapangyarihan. Ang suportang pangbatas ay maihahandog sa mga kondisyong pagbabayad sa mga sumusunod na gastos: bayad sa stamp, bayad sa pagpapadala at iba pang gastos sa paglilitis kagaya ng serbisyo ng abogado.

◎ Para sa mga nabanggit, may mga boluntaryong tagapag-paliwanag ng wika(English, Chinese at Japanese) sa Korteng Pang-pamilya sa Seoul. Kung mayroong mga katanungan tungkol sa paraan sa paglilitis, ay magkonsulta po sa mga boluntaryong

nagsasagawa para sa mga inpormasyon (Ang mga katauhan ay hindi legal na tagapag-paliwanag subalit sila ay boluntaryong nagbibigay ng mga inpormasyon sa mga paraan nito).

[☎ : 02-530-2568]

◎ Ang mga sumusunod na mga katanungan sa ibaba ay naihanda para sa mas epektibong paglilitis upang maiwasan ng ng mga dayuhang hindi marunong sa wikang Korean ang ~~sa~~ pagdalo sa paglilitis na walang kasamang tagapag-paliwanag sa wika o kaya ay makakasamang tagapag-paliwanag.

**Ipasa ang mga kasagutan sa mga katanungan bago ang paglilitis. (Kung kayo ay sapat nang magaling sa wikang Korean o kaya ay kinakailangan ang paggabay ng tagapag-paliwanag sa wika, ay hindi na kayo kailangang magpasa pa ng kasagutan.)**

**Numero ng kaso:** **Pangalan:**

| | |
|---|---|
| Ano po ang inyong ginagamit na wika/mga wika? | ☐ Russian ☐ Mongolian ☐ Vietnamese ☐ English<br>☐ Japanese ☐ Chinese ☐ Thai ☐ At iba pa( ) |
| Gaano po kayo kagaling sa wikang Korean? | ☐ Nakakapag-usap ng sarili<br>☐ Hindi nakakapag-usap kung wala ang tagapag-paliwanag ng wika. |
| Makakapagdala po ba kayo ng makakasuportang tagapag-paliwanag sa wikang Korean? | ☐ Oo ☐ Hindi<br>(Numero ng telepono ng inyong makakasamang tagapag-paliwanag sa wika:)<br>(Relasyon sa makakasamang tagapag-paliwanag sa wika:) |
| Maglagay po ng mga kasagutan sa ibabang mga katanungan ‘maliban kung hindi kayo masasamahan ng tagapag-paliwanag sa wika’. | |

| | |
|---|---|
| Kinakailangan niyo po ba ang suportang tagapag-paliwanag ng wika? | ☐ Oo ☐ Hindi |
| Kinakailangan niyo po bang humiling ng suportang pangbayad sa gastos sa serbisyo ng tagapag-paliwanag ng wika? | ☐ Oo ☐ Hindi |